

CHAPTER 1

“**S**iguro mas madaling paniwalaan na hindi ka niya mahal, kaya ka niya iniwan. She never really loved you that’s why it was easy for her to give you up and find another, someone who’s willing to stay. I know it must hurt especially if you’re so used to having her, but you said your job takes you all over the world while she prefers to stay here. May kanya-kanya kayong buhay, at madalas na magkalayo but you tried to make it work. Pero darating talaga siguro iyong point na hindi mo na kaya, lalo na kung may iba kang gusto, at hindi ka sigurado kung gusto ninyo iyon pareho. I’m sure she loved you, pero kung ikaw ang nasa lugar niya, sa tingin mo gan’un na lang kadali ang mag-decide?” The woman looked straight into his eyes before she downed what was left on her beer bottle.

Dylan stared at the woman beside him. Her eyelids were drooping but she kept on taking swigs from her bottle. Medyo malakas ang boses nito na

parang hindi naririnig ang sarili habang nagsasalita, ngunit sa kabila ng obvious na pagkalasing ay malinaw pa rin ang mga pinagsasabi nito. She didn't even slur her words. She even had this lovely, lilting accent which he'd been trying to figure out. Mahahalata lang na lasing na ito dahil namumula at namumungay na ang mga mata, bukod pa sa tapang nitong lumapit sa kanya. Iyon ang dahilan kung bakit magkasalo sila sa isang couch ngayon at isang bucket ng beer.

She did not look like she was out to pick up some guy. She wore a dark green chambray shirt that fit nicely, dark denim capris and peep toe flats that showed nice feet—a stark contrast to what every other woman in the room who were all dressed to impress. Nasa lounge area sila ng *Cielito's*, isang restaurant and bar sa loob ng isang residential complex sa *UP* area.

Sabado ng gabi at karamihan ng mga naroon ay mga college students o young professionals. Kung hindi umiinom o masayang nag-uusap ay nagsasayaw ang mga ito sa saliw ng mga kantang pinatutugtog ng babaeng DJ na nasa booth sa gilid ng mababang stage. Mahigit tatlung minuto na simula nang matapos ang two-set gig ng isang banda at ngayon ay full blast party mode na.

Everybody looked happy and ready to party til dawn. While Dylan was there only because it was the unlikeliest place he would probably drag himself into for the past several years or so whenever he's back in

the country. Noong sila pa ng radio DJ and model na si Zoey Andrada ay madalas na sa Makati or The Fort sila gumigimik. The last time they were together in a club was over a year ago.

At nitong nakaraang linggo lang ay nagpakasal na ito sa isang chef entrepreneur na may-ari ng bar na madals nilang puntahan dati. Bukod sa official business niya ay ang pagdalo rin sa kasalang iyon ang dahilan kung bakit mahigit tatlong linggo na rin siyang nasa bansa.

Apat na taon ding naging sila ni Zoey na nakilala niya noong minsang magbakasyon ito sa Los Angeles kung saan siya nakabase. Simula noon ay talagang binibigyan na niya ng panahon ang pag-uwi nang mas madalas sa Pilipinas para makasama ito. For years, they were able to make their long distance relationship work, or so he thought. Ang sabi ni Zoey noong makipaghiwalay ito sa kanya ay nais na nitong mag-settle down—ang magkaroon ng pamilya, ng asawa at magiging ama ng mga anak nitong handang manatili sa buhay nito at hindi masyadong dedicated sa trabaho.

They both knew Dylan was not ready, and couldn't give her that. Naging maayos ang paghihiwalay nila, ngunit hindi niya maikakailang hanggang ngayon ay nalulungkot pa rin siya. This was one of those nights he thought he'd call Zoey to hang out but she couldn't be with him anymore. Hindi rin niya gusto munang harapin ang dating crowd nila kaya dito siya dinala ng tila walang patutunguhang pagda-drive niya kanina.

“Hindi naman basta-bastang mag-move on. Matagal din ang four years! Pero sa tingin mo ba, mas madali siyang kalimutan by taking comfort in that fact, na hindi ka niya mahal? Hindi naman yata patas ‘yan.”

And he just poured out his soul to this drunk woman. He was quietly nursing his beer in that corner couch when she suddenly slumped beside him and asked, looking at the bucket of beer on the table in front of him. “*Ayos, ang dami n’yan ah. Ano’ng excuse mo?*”

Alam niya ang ibig nitong sabihin. Hindi siya sumagot na tila balewala lang sa babae. She instead told him about the evils of holding back one’s emotions, how it could lead to some serious heart disease, or insanity. It was crazy, she was crazy, yet he found her amusing. Ilang sandali lang ay nagkukuwento na siya dito, at ngayon nga ay ilang minuto na rin siya nitong pinapaulanan ng unsolicited advice.

He wouldn’t normally listen nor ask anyone about what they thought of what he had just gone through. Alam iyon ng mga taong malalapit sa kanya, ngunit mukha rin namang hindi niya mapipigilan ang katabi sa mga pinagsasabi nito.

“I’m sure she loved you, pero siguro hindi lang talaga siya para sa iyo. May mga bagay na handa na siya at gusto na niyang gawin at may ibang taong nakalaan para maibigay iyon sa kanya. If she didn’t love you, she wouldn’t be around for four years, and

maybe that's all you two were supposed to have. It's easy for us to blame other people for our misery, mas madaling magalit. Normal 'yun. Pero naman, hahayaan mo bang gan'un ang pakiramdam mo sa nangyari forever? Nakakapangit maging bitter. Any negative feeling is a toxin."

Dylan smiled. Her hand gestures as she spoke were a sight to behold. She was very animated. Her entire body was slumped on the couch, and it looked like she would doze off anytime. Ngunit ang paraan ng pagsasalita ng estranghera with that nice accent, at kung paanong nakatutok sa kanya ang magagandang mata ng katabi ay indikasyon na handa itong makinig sa kanya kahit pa buong gabi.

"Wish her luck na lang. Move on. Huwag ka nang maglasing d'yan," she said, before straightening herself up and posed to get a beer bottle from his bucket. Naisip niya kung tama bang hayaan pa niya ito sa isa pang bote ng beer. Para kasing lasing na talaga ito.

"Pengeng isa ha, bayaran na lang kita..." Binuksan nito ang dalang itim na sling bag na halatang mamahalin, at naghalungkat doon, ngunit pinigilan niya ang kamay ng babae. A pair of soulful eyes looked up at him as he did so. *Man...*

"Huwag na. Treat ko na 'yan sa iyo for keeping me company."

Nanatiling nakatingin lang ang babae sa kanya, na tila inaaninaw siya o pilit pinananatiling gising at alerto ang mga mata. *Damn*, she was got the sexiest

eyes he'd ever seen. They were a beautiful shade of brown. Hindi niya iyon napansin agad kanina. But now that he got a closer look, he realized that she was very pretty.

And somehow, she looked vaguely familiar. Parang nakita na niya ito kung saan. Those sexy eyes, the aristocratic nose, the luscious looking full lips and gorgeous cheekbones...

"Thank you." Tinampal siya nito sa braso bago tinungga ang bote ng beer.

"You're welcome," Dylan said, watching her. "Ikaw, ano'ng excuse mo?" Hindi niya inaalís ang tingin sa magandang mukha nito.

"Ako?" Itinuro nito ang sarili. "I have two! One, I have been spending time with friends na inakala kong galit sa akin noong bigla na lang akong umalis almost nine years ago. I was so hurt then, and I just wanted to leave without taking into consideration that they needed me, too. Thank God they all turned out okay," dere-derechong sabi nito, a wistful glint in her eyes. "And I am celebrating those tonight. Yes!" She smiled widely, and raised her two arms, including the beer bottle she was holding.

He chuckled. "Good for you. At ano ang isa pang excuse?"

She stood up. "Number two, iyong dahilan kung bakit halos nasira ang buhay namin several years ago, ay magagawan pa rin pala namin ng paraan na mahabol. We needed this closure. Justice will be served, after all. And it's all because I had the courage

to go back. That's all, thank you. Bow!" Then, she did a curtsy and bowed exaggeratedly that she nearly bent forward to the low table in front of them, He stood up, caught her arms and steadied her.

"Wala... lasing ka na. Sino ba'ng kasama mo?" tanong ni Dylan habang nakaalalay pa rin dito. He held his breath. She felt so soft, smelled so good as her body pressed close to his. *And she's so damn beautiful...*

Umakyat ang mga kamay nito sa balikat niya. "My friends. Nand'un sila." Itinuro nito ang isang bahagi ng lounge, ngunit hindi naman niya mawari kung saang direksyon sakto ito nakaturo.

"Okay, tara, dadalhin kita sa kanila..." Kinuha niya ang hawak nitong bote at inilagay iyon sa mesa, habang nakapaikot pa rin sa likod nito ang isa niyang braso.

"Wait, wait!" she said, raising an index finger. "I love that song! By *Sting!*"

Sting? Hindi na niya gaanong maintindihan ang tugtog dahil hindi naman iyon kalakasan at natatalo pa ng ingay, but he knew to heart all of *Sting's* songs.

She wants him so badly... Knows what she wants to be... Inside her there's longing... This girl's an open page...

It took him a moment before he realized she was singing. And her hands are on his shoulders. And she was looking up at him. Napahinga siya nang malalim, bago marahang iniupo ang babae sa couch nang hindi sila bumibitaw sa isa't isa. Nang tuluyan na silang makaupo ay sinubukan niyang alisin ang mga kamay nitong nakapaikot na sa balikat niya, ngunit tila ayaw

nitong alisin niya iyon doon. Instead she kept singing.

And she has a lovely voice, almost pitch perfect and soothing, sexy even... slowly seeping into him.

Who is this woman?

Don't stand so, don't stand so close to me... Don't stand so, don't stand so close to me...

She leaned towards him. Dylan looked at her, habang nararamdamang tila may invisible force na humihila sa kanya palapit dito. She was really lovely. And it's not just the buzz that just kicked in to his system, caused by the alcohol. He could drown in those eyes.

Don't stand so, don't stand so close to me... Don't stand so, don't stand so...

Hindi na niya nagawang pigilan o umiwas pa. Her eyes seem to will him to come closer, her lips were too damn hard to resist. He kissed her gently, tenderly at first, and tasted her sweetness, combined with a little alcohol. Humigpit ang kapit ng isang kamay nito sa kanyang balikat habang ang isa ay umakyat sa gilid ng kanyang leeg, upang haplusin iyon.

That touch slowly brought him to the edge, as the kiss became hotter, harsher, as if he was ready to devour her. She made no objections, as she tried to match it by trying to mimic the movement of his lips. Tila lalo ding inilapit ng babae ang katawan nito. He moaned appreciatively as he felt her curves even through the fabric of their clothes. That drove him crazier. And as she gently massaged his shoulder and neck, his own hands began to explore.

Dumako iyon sa tagiliran nito, paikot sa likod, pababa sa baywang at sa laylayan ng damit nito na medyo tumaas na. His breath hitched as his hands made contact with soft, smooth bare skin. She felt hot, and so good it took a lot before he was able to gently push her away.

Her eyes, now hooded and darkening with a desire and reluctance looked up at him. Nanatiling nakakapit ito sa kanya, tila ayaw pang bumitaw. Lalo tuloy siyang nahirapan. The tightening in certain areas of his body was becoming unbearable.

“We should get you out of here,” he said, a realization rushing through him. *This isn't right.*

Ngunit parang ayaw pa rin niya itong pakawalan. *Who is she? Will he see her again?*

“Okay.” She simply nodded as he helped her up.

Inalalayan niya patayo ang babae at iginiya ito sa side exit na direcho sa parking area. Kabubukas pa lang niya ng pinto ng passenger seat nang maalalang hindi pa niya nababayaran ang ininom. Napamura si Dylan.

Ngayon ay nakapaikot na ang mga braso ng babae sa kanyang baywang. Tila babagsak na rin ito anumang sandali. Maingat na binuhat niya ito at inupo sa front passenger seat.

“Listen...” Marahang tinapik niya ang namumulang pisngi ng babae. She opened her eyes, looked straight at him.

“Miss, uh, babayaran ko lang ang inorder ko. Pagbalik ko, uuwi na tayo, okay? I mean, ihahatid kita

sa inyo. May ID ka man lang ba d'yan?" He pointed to her bag. Tumango lang ito. "Cool! pagbalik ko, hanapin natin ang ID mo at ihahatid na kita sa inyo, okay?"

"Okay..." She nodded again, her eyes looked a bit confused.

"Ayos! Sandali lang ako." Iginala ni Dylan ang tingin at nakita ang dalawang bouncers na tinutulungan ang isang grupo ng kabataan na ilulan sa van ang lasing na mga kasama ng mga ito. Kinawayan niya ang isa.

"Boss, pakibantayan naman muna siya. Ise-settle ko lang ang bill ko. Sandali lang." Tumango lang ito at hinayaan siyang makatakbo paablik sa bar, kung saan dumirecho siya sa cashier. Pagkabayad ay dumaan muna siya sa men's room upang maghilamos sandali at nang mas magising siya. Baka antukin pa siya sa pagda-drive kahit nakadalawang bote lang naman siya ng beer at hindi madaling malasing.

Pagkatapos ay tumakbo na muli niya palabas, upang salubungin lang ng bouncer at sabihin na: "Iniuwi na ng mga kaibigan n'yo 'yung girlfriend n'yo, sir. Sina Stella and Mary daw sila."


Napakurap si Dylan. He couldn't quite process what he said, just yet.

"May ibinilin ba sila?" naitanong na lang niya.

"Wala naman, sir. May kailangan pa po ba kayo?"

"Wala na. Sige, salamat," he said before he walked to his car, still in a daze. His chest was heaving.

Shit, I don't even know her name!



CHAPTER 2

Sumunod si Ginny sa magandang flight attendant ng *British Airways* na nagdala sa kanya sa business class cabin mula sa kanyang premium economy seat na direktang katabi ng galley. May isang grupo kasi ng last minute passengers na nag-request na magkakatabi ang mga ito sa upuan at willing naman siyang makipagpalit, ngunit sa halip na dalhin siya sa isa pang economy seat ay binigyan siya ng instant upgrade.

When the flight attendant saw the surprised look on her face, she simply said, “That’s what you deserve for being nice. I could have given first class, but it’s already full. Is this seat okay?” Iminuwestra nito ang isa sa dalawang bakanteng upuan sa gitna, also in the best row. Medyo alanganin pa siya dahil mukhang pang-couple ang mga ganoong klase ng upuan ngunit nang makitang pinindot ng FA ang isang button sa gilid at tumaas ang privacy screen ay nakangiting sumang-ayon na siya.

Business class is business class. At mas gusto naman ni Ginny ang extra leg room, flexibility at dagdag na perks dahil halos labindalawang oras din ang biyahe hanggang London. Early September pa lang at hindi niya naabutan ang pagbabalik ng direct flights ng *Philippine Airlines* from Manila to London kaya ang nai-book niya ay ang *PAL* flight to Hong Kong na may connecting flight hanggang Heathrow Airport in the English capital city.

Alas singko ng hapon nang umalis siya ng Manila at mahigit apat na oras din ang lay-over. It was still thirty minutes before the plane was scheduled to leave. Umaga na sa London pagdating niya which was fine by her, dahil mananatili muna siya ng isang araw sa flat ng half-sister niyang si Debbie bago bunuin naman ang halos limang oras na train ride patungong Edinburgh sa Scotland kung saan apat na taon na siyang nakabase.

“This is wonderful. Thank you, Julia,” basa niya sa nameplate ng flight attendant matapos nitong ituro pa sa kanya kung anu-ano ang features ng upuan niya. May maliit na TV screen, head phones, charging dock at foldable table kasi iyon. May amenity kit at menu folder na rin sa upuang na-adjust upang maging kama.

She tried to relax when the FA left her. Halos tatlong buwan din ang inilagi niya sa Pilipinas at sulit ang bakasyong ipinagkaloob sa kanya na natapat sa session break ng Scottish Parliament kung saan mahigit tatlong taon na siyang nagtatrabaho

bilang researcher at consultant. In five days ay balik-trabaho na siya at kahit toxic ay excited na siya.

Nagbalik si Ginny sa Pilipinas para sa kasal ng isang malapit na kaibigan, at upang makipagkita rin sa mga kaibigang basta na lang niya iniwan almost nine years ago. Natapat din iyon sa pagbabalik sa bansa ng ex-boyfriend niyang si Blaine De Lara, na isang sikat na international recording artist na ngayon na nakabase sa Hollywood.

Ang ginawa nito sa kanya at sa mga kaibigan niya halos isang dekada na ang nakakaraan ang dahilan kung bakit umalis siya ng bansa noon. For years, she had been obsessed with one day getting her revenge, at ngayon nga ay dumating ang pagkakataong iyon.

Ang ibang kaibigan niyang tinraydor din ni Blaine ay maganda na ang buhay ngayon, at willing na sumuporta sa plano niyang unti-unting pagganti at pagsira ng pangalan ng dating boyfriend. Ilang araw lang bago umalis ay naumpisahan na nila iyon at ipagpapatuloy nila sa mga susunod na linggo at buwan. Hindi sila tititgil hangga't hindi nila nakukuha ang hustisya sa ginawa nito.

She even managed to see him when he performed live as a guest at a talent search. Nasa audience siya ngunit malapit iyon sa stage. The surprised, almost scared look on his face was priceless. Blaine should know now that she's back, and she is out to destroy him.

Tumayo muna siya at nagpunta sa lavatory. Pagbalik ay wala pa rin siyang katabi, at iyon na lang

ang nag-iisang hindi pa okupado sa business class. She was about to wave at an FA to ask if anyone else is coming when she saw another FA coming in, at may kasunod itong pasahero.

Matangkad, maganda ang pangangatawan at gaya niya ay backpack din ang dala nito. He was dressed impeccably, as if he just stepped out of a fashion runway, or maybe a business meeting. The man was gorgeous. And very, very familiar.

Huminto ito, at iminuwestra ng FA ang upuan sa tabi niya kasabay ang pagbibigay ng instructions at kung anu-ano pa. Sa halip na makinig sa FA ay sa kanya nakatingin ang lalaki, na sa umpisa ay bahagyang nangungunot ang noo, hanggang sa unti-unti iyong napalitan ng ngiti.

Nang umalis ang FA ay hindi inaalis ang tingin sa kanyang naupo na ang lalaki. His smile was playful.

Ginny blinked. Kilala ba niya ito? Saan sila una o huling nagkita? *Sh*t*, wala pa siyang thirty pero nagiging ulyanin na yata siya.

“Excuse me, do I know you from somewhere?” hindi na nakatiis na tanong niya. Medyo naiilang na kasi siya sa tingin at ngiti nito, na parang may sikreto silang hindi mawari.

One of those perfect slanty thick brows arched. “Maybe.” Inalis ng lalaki ang suot na jacket at inihanger iyon. Mababa at buong-buo ang boses nito.

At pamilyar din iyon sa kanya. Now where had she heard that smooth, sexy voice before?

Magtatanong pa sana si Ginny nang ianunsyo

na sa speakers na nakatakda nang mag-take off ang eroplano, kasunod ang ilan pang paalala. An FA then took their order for snack and drinks, and for breakfast the next day. Nang settled na ang eroplano sa ere at nasa harap na niya ang tig-isang baso ng tubig, red wine at chocolates ay muli niyang tiningnan ang katabi, na amused ding nakamasid sa kanya.

“You still don’t remember?” He took a sip from his wine glass.

Umiling si Ginny, bago uminom din ng wine. “Shit, hindi ako makakatulog nito,” bulong niya.

Natawa ang katabi. Hindi na siya muling nagsalita. Inabala na lang niya ang sarili sa mga nasa mesa. Pero hindi rin naman niya basta maalís sa isip ang katabi. He smelled so good, and he’s so close she could already feel the heat radiating from his body.

And what a body it was. The gorgeous being beside her was lean and muscular, had broad shoulders, firm and strong-looking arms, and nice big hands. Tama lang din ang kulay ng balat nito. The body complemented the face that she knew she’d seen before but couldn’t remember how, or where?

Those deep-set hazel eyes, the Greek nose, those curling full lips and strong jawline. It was a face no sane, straight woman ever forgets, pero bakít hindi niya maalala kung saan niya ito nakilala? Kung ano ang pangalan nito?

Nang mag-excuse ang isang FA upang linisin ang mga mesa nila ay napansin niyang minamasdan

pa rin siya ng katabi. Tila hinihintay din nitong makaalala siya. Hindi nawawala ang makahulugang ngiti nito, lalo na nang halos sabay pa silang tumayo at ilatag ang kanilang mga upuan upang maging kama.

She sat on her newly made bed and pulled the blanket up to her waist, habang ang katabi ay inilagay ang unan sa kandungan.

“I’m a little insulted. Samantalang ilang araw na akong kulang sa tulog kakaisip sa iyo.” Napailing ito.

Napamaang siya. “You’re Filipino!”

“And clue, we met in the Philippines.”

She blinked. “Really, we did?”

“Yes, and your accent has been bugging me. What is it?” curious na tanong nito.

She smiled. “Scottish, Glasweigan, actually, dahil halos limang taon din ako sa Glasgow bago lumipat sa Embra.”

“Embra?” He raised a brow.

“Slang for Edinburgh.”

Napatangu-tango ito. “I see.”

“Are you going to tell me how and where we met?”

He smiled. “I didn’t even think you were that drunk when we met. Sa tingin ko, hindi ka lang sanay sa beer.”

“What?” Hindi niya alam kung bakit siya kinabahan.

Instead of answering, he inched closer. Kasabay niyon ang paglamlam ng mga ilaw, ang tunog ng

pagtaas ng privacy screens ng ilang mga pasahero. The man beside her just kept getting nearer, and she didn't even move an inch. Pagkatapos ay nagsimula itong mahinang kumanta:

She wants him so badly... Knows what she wants to be... Inside her there's longing... This girl's an open page...

Nakatingin lang siya sa lalaki. *Man, he can sing!* There was a teasing smile on his face as he mouthed the lyrics, almost whispering so only she can hear. She felt her heart thump, as her pulse began to quicken. Kasabay niyon ang unti-unting paglinaw ng kanyang memorya.

Don't stand so, don't stand so, don't stand so close to me... His hand covered her hand that was on the arm rest. Nagtatanong ang mga mata nito.

Nanatiling nakatingin lang siya sa lalaki. Nanunuyo ang kanyang lalamunan kahit kaiinom pa lang niya.

His gaze went to her lips. "Maybe this will make you remember." bulong nito bago sinakop ang kanyang labi. Magaang, marahan ang paghalik nito sa umpisa, gaya din ng ginawa nito noong Sabado ng gabi. Yes, she remembered. She could also remember and was anticipating how this kiss would progress, and she was not disappointed. Napahigpit ang hawak niya sa armrest nang maging mas mapaghanap ang halik nito na agad niyang tinugon.

She could not remember when was the last time she ever kissed anyone prior to last Saturday. Tila

binura na ng halik nito ang lahat ng ala-ala ng bawat pagkakataong nahagkan siya. He felt and tasted so good that the several seconds they kissed felt like a lifetime. Kapwa nila habol ang paghinga nang maghiwalay, habang magkahinang pa rin ang mga matang tila hindi na kayang ihiwalay ang tingin sa isa't isa.

He looked like he wanted to kiss her again. She knew that was exactly what she's feeling.

But self-control took over. Si Ginny na ang lumayo, bagaman hindi inaalís ang tingin dito. Kahit gusto niya ang nangyari at ang nararamdaman dahil sa halik na iyon, tila nilukuban din siya ng takot. The kiss felt good, but something about it didn't feel quite right.

"For the record, I am not married." Ipinakita ng katabi sa kanya ang mga kamay na ang tanging accessory ay college ring at isang mamahaling wristwatch. "I don't even have a girlfriend, pero alam mo na siguro iyon... kung naaalala mo pa."

Hindi siya kumibo. Pinindot na lang ni Ginny ang button para sa privacy screen. Na hindi rin naman nakatulong. It only concealed a view of their upper bodies lying down.

Sumilip ito sa gilid ng screen. "That's it? Kalimutan na lang matapos mong maalala kung saan tayo nagkita? Ni hindi nga natin alam ang pangalan ng isa't isa. I'm—"

"I'm not interested. Huwag na lang please. And yes, let's just forget where and how we met, and that

we were even on this flight.” Idinerecho ni Ginny ang mga binting natatakpan ng kumot.

“May I know why?” tanong nito.

“I’m sorry, but I don’t have to explain myself to you... stranger,” medyo naiinis nang sabi niya.

He simply shrugged. “Okay.” He tilted his head. “Magkikita pa naman tayo.”

“Don’t be so sure.” Hinila pa niya pataas ang kumot.


“Wanna bet?”

“Are you planning to stalk me?”

He smiled mysteriously. “Actually, I don’t have to do that.” Ilang segundong minasdan pa muna siya nito, bago, “Sweet dreams.”

Napabuntung-hininga siya. “Good night.” tuluyan na siyang nahiga at tinalikuran ang binata. Hindi pa rin humuhupa ang kaba niya, ang hindi maipaliwanag na pag-aalinlangan at takot. Something about the man seemed dangerous.

At hindi niya alam kung bakit hindi man nito kamukha, hindi man kaanu-ano at malayo man ang personalidad dito, ang naaalala niya ngayon sa lalaking katabi ay si Blaine.



CHAPTER 3

These are old issues. Somebody's out to destroy Blaine again.

How can those songs be stolen? Blaine De Lara is a freakin' genius! These emails are crap. Must be some disgruntled ex-girlfriend.

It could be the same one he keeps mentioning in his songs. Or in the entire "Wicked Genius Love" album.

Hell yes. Did he ever mention the girl's name?

Total BS. These people won't stop.

Trace the email guys. Whoever started this black propaganda can be sued. These are serious accusations.

Panay ang hilot ni Ginny sa sentido habang nagso-scroll sa mga comments sa ilang Facebook accounts at blogs na nag-share ng anonymous email na sinimulan nilang ipakalat ng mga kaibigang sina Lewis at Miggy lampas isang linggo na ang nakakaraan. May mga kasama din iyong ilang screenshots ng email exchanges, at scans ng mga original copies ng mga kantang sinulat nila na

ninakaw ni Blaine at inaring gawa nito.

There were thirty-three songs all in all, twenty-four of them have been featured in those four albums he released over the past nine years. Labing-apat doon ang umabot sa *Billboard Top Ten* at umani ng awards, habang ang iba ay hindi rin naman nagpahuli dahil naging hit din sa iba't ibang bansa. Blaine De Lara became known for his gritty, honest, poetic lyrics and quirky musical arrangements that had classical, symphonic touches, and ninety-five percent of these were not even his idea.

Sila ng kaibigan at lead guitarist sa college band nilang *House of Mirth* ang na si Lewis ang magkatulong na sumulat ng mga kantang iyon. Nag-contribute naman sa arrangement ang drummer nila na si Miggy. Blaine was always, just the lead singer, bassist and face of the band.

Naging boyfriend din niya ito nang halos dalawang taon. Nakipaghiwalay ito sa kanya nang mapagdesisyunan nitong sa Amerika na manirahan noong huling taon nila sa college. Just before they were all set to graduate, news broke out that a Filipino-American musical genius was slowly creating buzz in Hollywood. Naunang sumikat ang dalawang kanta nitong ginamit sa soundtrack ng isang sikat na detective drama. At ang mga iyon ay pawang sinulat ni Ginny.

“F*ck you, Blaine. You’ll never get away with this. It might be nine years late but we will make sure everyone knows what a fraud you are.” Gusto

niyang suntukin ang screen ng laptop niya kung saan nagpe-play ang isang montage ng mga performances at music videos ni Blaine ng ilang linya sa mga kantang ginawa niya. Naka-post iyon sa *YouTube* at sa description ay naroon ang email na pinapakalat nila ng mga kaibigan upang i-expose ang pagtraydor nito sa kanila.

Halos iisa ang opinyon ng mga nagko-comment, at lahat ay laban sa sinumang nais diumanong manira kay Blaine.

Naiiling na isinara na ni Ginny ang window, at sa halip ay binuksan ang email at account niya sa *Airbnb*, ang website kung saan nagpapa-advertise ang mga may nais parentahang kuwarto, apartment o bahay. Mula sa iba't ibang panig ng mundo ang may account doon, at ang target ay mga turista, business travellers o foreign exchange students na nais mas makamura sa bayad sa lugar na pansamantalang tutuluyan nila.

Nakatira siya sa third floor ng isang typical Victorian tenement o apartment building sa Edinburgh, sa city center mismo. Isa iyong na-foreclose na property na binili niya through mortgage. Mahigit tatlong taon na rin niyang binabayaran ang amortization niyon at para makagaan sa bayarin ay sinimulan niyang parentahan ang mga kuwartong hindi naman nagagamit.

Her flat had four bedrooms, and she's renting out three. Ang isa ay en suite at ang dalawa ay may shared bathroom. Simula nang mag-umpisa siyang

magparenta through *Airbnb* ay hindi pa halos nababakante ang mga kuwarto niya. She charges forty British pounds per room at kasama na roon ang breakfast para sa dalawang tao. May additional na ten pounds per person kapag nais ding magpaluto ng dinner.

Sa ngayon ay okupado ang lahat ng mga kuwarto niya ng isang grupo ng Korean students at maginang Brazilian. May mga nakalinya na siyang mga ookupa sa mga susunod na at least limang linggo. Ang isa pa nga doon ay binayaran na ang pang-isang buwang renta para sa en suite room niya.

At least, nakabawas sa alalahanin ni Ginny ang pagiging steady ng maliit na business at ng regular na trabaho niya. Pinag-iipunan na rin niya kasi kung sakali ang magiging gastos sakaling umabot sa korte ang ginagawa nila ngayon laban kay Blaine.

At wala siyang balak sumuko. Ilang taon na siyang nanahimik at hindi niya basta hahayaang ariin lang ng iba ang mga kantang pinaghirapan at pinagbuhusan niya ng panahon.

Not even a million fans could stop her now. This was just the beginning.



First time ni Dylan sa Scotland, and so far everything he's seen and heard have been very interesting. Bago ang lahat sa kanya—mula sa kakaibang pag-pronounce ng mga Scots sa ilang English words, sa nakaaaliw na accent, hanggang sa nakikitang tanawin sa bintana ng sinasakyang

taxi. Para siyang naligaw sa 17th o 18th century dahil sa pambihirang arkitektura na hindi pa niya naranasang makita nang ganoong kadami sa iisang lugar lang.

There iwas an abundance of Georgian and Victorian buildings he only read about in classical books and seen in period movies. Wala pang labinlimang minuto ang biniyahe ng taxi mula sa Waverly Station kung saan tumigil ang sinakyan niyang tren mula sa London ngunit sa nakitang tanawin ay alam niyang mai-enjoy niya ang isang buwang pananatili dito sa Edinburgh.

Excited na rin si Dylan na makita ang rerentahang kuwerto na ipina-book niya via *Airbnb*, na unang beses din niyang ginawa. He always stayed in hotels whenever he travels, and since he would be in Edinburgh longer than he usually does, he opted to rent a room in a real house. Gusto rin niyang may makilala at makasalamuhang bago sa bakasyon niyang ito.

Okay, so this was not really a vacation. He still had to work, but still he knew this trip was going to be different.

“Keep the change, mate. The ride was awesome. Your city rocks,” nakangiting sabi niya sa bata pang cab driver na inabutan niya ng twenty British pounds sa halip na seven lang na lumabas sa metro. Sa tuwa ay nauna pa itong bumaba sa kanya at kinuha ang nag-iisa niyang suitcase sa back compartment. Hindi na rin niya ito napigilan nang magboluntaryong

iakyat pa iyon hanggang sa third floor ng building kung saan naroon ang uupahan niyang kuwarto.

Sarado pa ang pinto ng flat at hindi niya alam kung dapat ba siyang mag-doorbell. Ang taxi driver tuloy ang pumindot niyon para sa kanya bago ito nagpaalam at bumaba na. Nobody answered the door which was understandable dahil alam naman niyang alas doce ng tanghali ang check-in at gabi na ngayon. Sinabi rin sa kanya ng nakausap niyang caretaker ng flat na kung gabi daw siya darating ay maghintay lang siya saglit dahil alas seis o alas siete karaniwang dumarating ang may-ari mula sa trabaho.

He didn't mind waiting. Alam niyang magiging worth it iyon dahil nakatak dang makita uli niya ang babaeng dalawang beses na niyang nakaengkuwentro at nahagkan. He smiled at the thought of the kiss.

It wasn't true when he told her on the plane that he didn't know her name. Kaya pala familiar ang babae noong una niyang makita sa *Cielito's* ay dahil ito rin mismo ang magandang nasa picture ng property owner sa pinaparentahang mga kuwarto sa *Airbnb* profile nito.

He had to admit he clicked on the profile because of her picture. She was very striking with her naughty eyes, gorgeous cheekbones and sensual full lips and she looked really happy on it, too. Idagdag pa doon ang one hundred percent positive feedback ng past tenants nito at ang mga nakatutuwang anecdote ng mga ito. The description she wrote on the profile was also very witty at memorized na yata niya iyon.

May ilang suggestions at offers doon na gusto niyang subukang lahat. Lalo siyang napangiti sa naisip.

The woman's name is Eugene, and he's looking forward to spending the rest of his month with her, maybe more.

Lumapit muli si Dylan sa pinto at inalis sa pagkakaharang doon ang suitcase, pati na ang malaking paperbag ng pasalubong na nasa ibabaw niyon. Noon din niya narinig ang mga yabag. Mukhang may paparating.

A rush surged through him. His heart started to race. *Sh*t*, he was that excited? Nervous?

Mukhang hindi lang iisa ang paparating dahil tila may nag-uusap. Ngunit naririnig na niya ang pamilyar na boses ni Eugene, in that sweet Scottish accent that he couldn't get off his head for nights now.

Naunang lumitaw sa landing ang isang matangkad na redhead na nakasalamin. Nanlaki ang mga mata nito nang makita siya. "*Oh sh*te*, Ginny! Mr. Fonacier is here." Pilyang ngumiti ang babae. "And he's hot!"

"Ash, you say that about all our guests," narinig niyang sagot ni Eugene. Lumitaw ito mula sa hagdan na abala sa paghahalungkat sa tote bag habang binabalanse sa isang braso ang isang malaking mesh basket. Mukhang galing ito sa supermarket.

Nakangiting lumapit si Dylan at kinuha ang mga dala nito. Hindi pa rin ito nag-aangat ng tingin dahil parang hindi makita ang hinahanap.

“Now where are the bloody keys? Oh, right here. Thank you. And I’m sorry, Mr. Fon—” Nabitin ang sasabihin sana nito nang mag-angat ng tingin. She blinked a couple of times, before she narrowed those sexy eyes.

“What the f*ck are you...” Napabuga ito ng hangin, at muling minasdan siya. Hindi pa rin ito makapaniwala.

“I said I’ll see you again, didn’t I?” He grinned, then extended his hand. “I’m Dylan, by the way. Happy and delighted to see you again, Eugene. Or can I just call you Ginny?”

She rolled her eyes, but shook his hand anyway. “And this here is Ashley,” pakilala nito sa redhead. “I can’t believe this.” Nailing ito nang bitawan ang kamay niya at tinungo ang pinto.

“Wow, you two know each other?” amused na tanong ni Ashley.

“It’s difficult to explain. But we met on two occasions after I booked the room and always thought she looked familiar.” Nakangiting tinabihan niya si Ginny sa may pinto at kinuha ang mga bagahe niya. “Very familiar,” he said in a low voice as he leaned close.

Tiningnan lang siya nito nang masama bago itinulak papasok ang pinto. Binagtas nila ang isang maikling hallway na ang dulo ay ang living room sa kanan na napapagitnaan ng magkatapat na mga kuwarto, dining area sa kaliwa katapat ang kitchen. Farther on the left, he saw a few more doors.

Maaliwalas at homey ang lugar kahit na mismatched ang mga furniture.

“Nice place,” komento ng binata bago iniwan muna sa sala ang ibang gamit at inilagay ang mga pinamili ni Ginny sa dining table. Iniabot din niya sa babae ang paperbag.

“What’s this?” nakataas ang kilay na tanong nito.

“Stuff from where I’ve been over the past week. France, Denmark, Belgium. French wine, Danish cookies and Belgian chocolates.” He grinned.

Napabuntong-hininga ito. “Thanks.” Inilagay din nito sa mesa ang mga pasalubong niya. “There’s your room,” turo nito sa isang pinto sa dulong kanan, katabi ng bay window na may throw pillows at gitara, at isang malaking plaid couch, bago niyuko ang suitcase niya at hinila ang handle niyon.

“Kaya ko na iyan,” agaw ni Dylan ngunit hindi nakinig ang babae. Nauna ito sa kanya at hindi rin binitawan ang suitcase kahit nang binubuksan na ang pinto.

Naiiling na sumunod na lang siya sa kuwarto. The room was spacious and smelled good. Simple lang ang furnishings at malinis tingnan. It sort of reminded him of his room in their old house in Pasig. Sa kaliwa ang bathroom, sa kanan ang isang two-seater dining set, love seat, at ang sliding door palabas sa balcony.

“Ayos, ah. Kapareho talaga n’ung mga nasa pictures sa *Airbnb*,” komento niya.

“It’s September and it can already get as low

as five degrees, so if you want, you can make fire there...” turo nito sa maliit na fire place sa isang gilid ng kuwarto. “At may water heater din sa bathroom.”

Nanatiling nakangiti lang si Dylan. He fought the urge to comment that she’s hot enough to combat cold weather.

“I replace the towels every three days, the sheets and beddings every week. I can do your laundry if you want, puwede kitang isabay sa paglalaba ko pero once a week lang iyon. Just let me know,” dagdag pa nito.

“Ipinaglalaba mo talaga ang guests mo? Akala ko nagjo-joke lang iyong mga nag-comment,” amused na turan niya.


“I like doing the laundry. Stress buster ko iyon.” Itinulak nito ang suitcase palapit sa kama. “I have to prepare dinner now. Wala ka namang ibinigay na kahit anong dietary specifications so I assume okay lang sa iyo ang menu tonight? It’s Scottish Feast Friday.”

“And what would that be?”

She smiled as she stood by the door. “You’ll know later,” sagot nito bago humakbang palabas.

“I can’t wait,” pahabol niya. And he meant it.

Hindi na nga siya makahintay na sa halip na mag-unpack ay parang mas gusto niyang sundan na lang si Ginny sa kusina.



CHAPTER 4

“So, how did you meet that hottie in the ensuite?”

“He kind of looks familiar. I don’t know why, though.”

Sumulyap si Ginny kina Ashley at Jolene, na abala sa paggawa ng dark chocolate and honeycomb coated strawberries at paghihiwa ng square sausages at cheese. Siya naman ay abala sa pagdi-deep fry ng fish and chips mula sa inaabot na nahiwang battered fish fillet strips at patatas na ginawa ng dalawang Korean boys na guests nila. Ang mga babae ay abala sa pagsi-set ng dining table.

Excited ang mga estudyante sa Scottish Feast Friday nila kaya sa halip na mag-pub o bar hop ay umuwi nang maaga ang mga ito para tumulong. Sabik din daw ang mga ito na makatikim ng Scotch dahil hindi sinisilbihan ang mga ito sa mga napupuntahang bar dahil mga bata pa. And she had two bottles of *Buchanan’s* blended Scotch ready for

tonight's party, na ginagawa niya every Friday lalo kapag puno ang kanyang bahay.

“Met him once at a bar in Manila, and then on the plane to London. It wasn't much, we didn't really talk.” *Because we were busy kissing on both occasions,* gusto niyang idagdag. “I didn't even get his name then.”

“He fancies you, mate.” May panunukso sa tono ni Jolene.

“And we're not just saying it this time. Plus, that man is scorching.” Pinaypayan pa ni Ashley ang sarili.

Napailing si Ginny. “I don't need scorching. Not interested. At all.” Pinanlakihan niya ng mata ang dalawa na natawa lang.

“All these goodies look interesting, though. And oohh what's that? Fish and chips! Nice.”

Nanigas ang likod niya sa narinig. Her pulse quickened. Bakit hindi sinabi ng dalawang bruhang kapitbahay niya na nasa paligid lang si Dylan? Ngayon tuloy siya naging aware na sa kabila ng samu't saring amoy na pumupuno sa kusina ay nadi-distinguish pa rin niya ang mild cologne at fabric conditioner na gamit nito. And something that's distinctly... Dylan.

Hinango ni Ginny ang isang batch ng battered fish at inilagay iyon sa isang bandehadong nalalatangan ng brown paper. “You hungry? What time did you eat last?” hindi tumitingin kay Dylan na tanong niya bago kinuha ang isa pang batch at inilagay iyon sa kumukulong mantika.

“Hmm, maybe five hours ago at this burger place in Paddington Station. That and a chocolate bar on the train.” Masama na ang tingin nito sa mga niluto niya. “Ang bango niyan. Pahingi naman muna ng isa.” Aabutin na sana ni Dylan ang isang battered fish strip ngunit tinampal niya ang kamay nito.

She breathed deeply. Something seemed to pass between them with that mere touch.

“Hindi pa tapos iyan, wala pang dressing.” Kahit kumakabog na ang dibdib ay hinawakan ni Ginny ang kamay ng lalaki at iginiya ito sa kitchen counter, kung saan naroon ang mga tinapay, square sausages, cheese and crackers. “Iyan muna. Pakasawa ka. I think the soup is ready. Do you want some?”

He smiled. “I wouldn’t refuse anything you offer.”

Ilang segundong minasdan lang niya si Dylan. “Fine. Stay there and eat.” Kumuha siya ng mangkok na pinuno niya ng chicken and leeks soup at isinilbi kay Dylan na nilalantakan na yata nang sabay-sabay ang mga starters na inihanda niya.

“You’re loaded, mate. You should have bought something more filling to eat on the train. Nakakagutom pa naman ang halos limang oras na biyahe kahit nakaupo ka lang at nakatunganga sa bintana,” sabi niya bago binalikan ang niluluto. Doon niya itinutok ang tingin habang kinakalma ang sarili.

“I wouldn’t want to be so full I’d not have any more space for your delicious cooking. Sabi sa *Airbnb* reviews hindi raw puwedeng makaisang serving lang.” sagot ni Dylan na sa sulok ng kanyang mata

ay pansin niyang nakamasid sa kanya.

“Noona, we want to cook potatoes,” sabad ng isa sa Korean boys na sinang-ayunan agad ng kasama nito. Tapos na ang dalawa sa paghihiwa at pag-season ng patatas at mukhang sabik ding makiluto.

“We cook good potato chips. Golden brown,” dagdag pa ng kasama nito. Nailing na binigyang-daang ni Ginny ang dalawa sa harap ng stove.

“Perfect timing, guys.” Nakipag-high five pa sina Ashley at Jolene sa dalawa.

She rolled her eyes. Pumunta siya sa counter at inabala ang sarili sa pag-aayos ng mga pagkain sa mga tray.

“You should charge more for this kind of service and good food, you know.”

Tiningnan niya si Dylan. “Hindi pa naman pang-five star ang accommodations ko at enjoy din ang pagtanggap ng bisita dito. Sakto lang ang singil ko.”

“I have to say this is one amazing coincidence,” hindi nawawala ang ngiting turan ni Dylan bago kumagat sa ginawang sausage and cheese sandwich. “Akala ko, babaligtarin ko na ang buong Metro Manila kakahanap sa iyo. I called *Cielito’s*, you know. But they couldn’t give me any information about you.”

“They’re not supposed to.”

“I know. But I wanted to see you again. I knew you looked familiar then, I only realized it was you on that *Airbnb* profile when I was already in Hong Kong.”

She sighed. “Hindi ko alam kung bakit kailangan

mo pa akong hanapin. Puwede at mas madali namang kalimutan mo na lang iyon.”

“Puwede pero ayoko. Trust me, I could have easily forgotten about that night but I can’t.” Napailing ito. “Ilang beses ko pang narinig yung kanta ni *Sting*. Your version sounds better, by the way.” Ikiniling nito ang ulo at minasdan siya. “You sing well and you have a very good voice. Do you ever do it professionally or were in a band or something?”

“She was in a band, but that was ages ago and I doubt she would ever be in one, because of what that a*shole did to her.” Nanlalaki ang mga mata ni Ashley habang sinasabi iyon sabay lapag ng tray ng mga dips at sauces sa counter.

Her friends knew about her former life as a musician, at mula sa pagiging fans ni Blaine dati ay nangungunang haters na ng ex niya ang mga ito.

“Ash...” saway ni Ginny. “Let’s not talk about that bastard over dinner.”

“Sorry, love,” nakakaunawang sagot ng babae saka sumulyap kay Dylan. “Now you carry on and don’t mind us.” Pilyang ngumiti ito bago tumalikod na.

“Why would you let what someone did before get in the way of your passions? I’ve only heard you sing once, medyo lasing ka pa pero halata namang gusto mo ang pagkanta.” Matamang nakatingin sa kanya si Dylan.

“You don’t know the story, Dylan,” mahinang tugon niya at dinala na sa mesa ang mga bandehado

ng pagkain. Nakahalata na rin marahil si Dylan na ayaw na niyang tanungin pa tungkol doon, kaya hindi na rin ito nagpumilit.

Masaya at maingay ang naging dinner nila. Said halos ang mga inihanda niya pati na ang desserts. Magkakatulong din nilang iniligpit ang pinagkainan at nilinis ang kusina bago nag-settle sa living room habang hawak ang kanya-kanyang baso ng scotch.

Curious na nakatingin at sinisinghot-singhot ng Koreans ang inumin ng mga ito, habang si Dylan ay tila naaalih na nakamasid sa kanila ng mga kaibigan niya.

The scotch that they're having that night had a mild, woodsy aroma, with just a hint of sweetness. Para sa mga hindi sanay uminom niyon ay inihanda na niya ang tig-isang pitsel ng tubig at citrus soda bilang chaser.

Tumingin siya sa gawi ni Dylan, na napapangiwi pa rin bagaman halos maubos na ang laman ng baso nito.

"I forgot I often take my scotch on the rocks," nahihiyang sabi nito ngunit inubos din ang laman ng baso. Ang mga Koreans ay tila sanay naman sa inuman dahil maliban sa ilang reklamo na parang lasang pinaghalong kahoy at honey daw ang ininom ay humingi naman ng tig-isa pang baso.

"Only two glasses each, okay? You may not feel it now but trust me, you'll regret it tomorrow," nailing na sabi ni Ginny habang isa-isang nire-refill ang mga baso ng mga bisita. Dylan watched as she poured

the liquor onto his glass, and she wondered how her hands remained steady even if her heartbeat was quickening again.

Nang maubos na ng lahat ang inumin ay nagsibalik na sa kani-kaniyang kuwarto ang mga bisita. Tinulungan siya nina Ashley na magligpit bago nagpaalam na din ang dalawa. Pumasok na rin si Ginny sa kanyang kuwarto, mabilis na nag-shower at nagbihis ng pantulog bago muling lumabas at nagtungo sa kusina upang magtimpla ng tsa.

“You’re unstoppable. Dapat ay nagpapahinga ka na.”

Muntik na siyang mapatalon sa narinig. Muli ay hindi na naman niya namalayang lumabas pala ng kuwarto si Dylan. “Puwede kang akyat-bahay, alam mo ‘yon? Talo mo pa ang pusa ko,” naiiling na komento niya bago sumimsim sa mug ng tsa.

He chuckled. “May pusa ka? Nasaan?”

Itinuro niya ang isang basket sa tabi ng refrigerator. Prenteng nakapuwesto doon ang isang black and white na pusa na malalaki ang mga matang nakatingin sa kanila. “That’s Sir Burns.”

“Burns. As in the national poet of Scotland Robert Burns?” nakangiting tanong ng lalaki at tinabihan siya sa counter.

She held her breath. He smelled so good. Ang guwapo at ang linis nitong tingnan sa suot na gray pajama bottoms at light yellow shirt. Odd combination, but it worked on him. “Yup. At gaya ni original Burns, babaero din ‘yan. Naghihintay lang

iyang mamatay ang lahat ng ilaw bago lumabas at mang-pick up.”

Natawa muli si Dylan. “You live with a cat, I see.”

Tumango ang dalaga. “Gusto mo?” Itinaas niya ang mug ng tsa. “Chamomile tea helps me sleep. With half a teaspoon of honey. Kuha ka lang.” Iminuwestra niya ang lalagyan ng teabags.

“I’m fine. Iba ang epekto sa akin ng tsa. Nagigising ako lalo.” He looked at her intently. “So, okay na ba sa iyong nandito ako sa bahay mo?”

“Wala akong sinabing hindi okay.”

“Ang lutong kaya ng mura mo kaninang makita mo ako sa labas.” Binunggo ng braso nito ang balikat niya.

“Hindi ko lang inaasahan. The form you filled out when you booked the room said you’re from LA.” Muli siyang uminom ng tsa. Gusto niyang umusad palayo pero masyadong magiging obvious na apektado siya.

“I am from LA. Doon na ako naka-base for fifteen years now, since college,” imporma nito. “Pauwi-uwi lang ako sa Pilipinas. I was there for a month last time, noong magkita tayo.”

“I see...” Naalala ni Ginny ang binanggit nito na kung saan-saan ito dinadala ng trabaho nito. “What do you do?” Matapang na minasdan niya ang katabi. Baka sakaling mabawasan ang pagka-tense niya kapag nasanay na siyang tingnan ito. “Wait, let me guess. Model?”

“You’re good for my ego. But no. Never. Hindi

ko ma-imagine ang sarili ko sa harap ng camera.” He looked amused.

Tumaas ang kilay ng dalaga. “Sabagay, you’re a bit rough to be a model. Parang mas maniniwala ako kung rockstar ka. I remember you sang on the plane, too.”

“I love music but no. Hindi nga ako komportable sa harap ng camera, hindi ba?” he smiled. “But close.”

“You’re *James Bond*.”

Napahalakhak ito. “Puwede.”

“Seriously? You’re a spy?”

“Hindi naman. Wala akong iniimbestigahan talaga. More of troubleshooting. Damage control, gan’un. Mas malapit siguro sa trabaho ng isang abogado ang ginagawa ko ngayon. But my job title says I’m an account manager.”

“For what?”

Makahulugan ang ngiti ng kausap. “Why do you want to know these things about me?”

“Sinisiguro ko lang na hindi ka terorista.”

Natawa muli si Dylan. Gusto na itong sakalin ni Ginny dahil gaya ng boses nito ay malalim at buong-buo ang tawa nito. Buhay na buhay. Parang maririnig niya iyon hanggang sa panaginip. “Do I frighten you, Ginny?”

“No, naniniguro lang ako.” Sinalubong niya ang tingin ng lalaki. There was a naughty glint in his eyes. He was also leaning a bit because he is tall. Hanggang leeg lang siya nito. The nearness was making her nervous again. Or maybe it’s his smell.

Maybe it's those intense hazel eyes.
Or that sexy mouth.

Napahigpit ang hawak ni Ginny sa mug. Inubos na tuloy niya ang tsaang bago pa may mahalata si Dylan sa kanya.

"That's good then. I wouldn't want you to feel that." Bahagya na lang ang ngiti nito ngayon. "You make me nervous, though."

She dared not ask why. Sa halip ay lumayo na siya dito upang dalhin at hugasan ang mug sa sink. Pagkabalik ng mug sa sabitan ay nilampasan na niya si Dylan. "It's past twelve. Goodnight, Dylan."

Hinuli ng lalaki ang braso niya. "What are you doing tomorrow, Ginny?"

Nangunot ang noo niya. "Maglalaba sa umaga. Wala naman akong ibang plano. Pahinga lang pag weekend."

"It says in your *Airbnb* profile and in the comments that you usually accompany your guests around the city pag libre ka."

*Oh, sh*t.* Paano pa siya iiwas dito? "Yeah, so? Masyadong busy pag weekend sa mga usual na pinupuntahan ng tourists. Baka hindi mo type ang maraming tao."

"Hindi ako sanay sa harap ng camera pero wala akong problema sa maraming tao." Bumaba ang kamay nito upang pisilin ang palad niya. "How about you take me to your favorite places around town instead?" His eyes were hopeful.


And she couldn't find it in her heart to say *No*.

“Okay.” Sinubukan niyang hilahin ang kamay ngunit ayaw pa iyong bitawan ni Dylan. “Mga ala una ng hapon tayo umalis.” Muli niyang hinila ang kamay. “Dylan...”

“Oh, sorry.” he grinned, not looking the least bit sorry. “Tomorrow, then.” Bago pa siya nakaiwas ay mabilis na nahagkan na siya nito sa labi. “Sweet dreams, Ginny.” Sa wakas ay binitawan nito ang kamay niya.

“Goodnight.” Tumalikod na siya at mabilis na tinungo ang kuwarto. Hindi na siya lumingon hanggang maisara ang pinto.

Her heartbeat just resumed its erratic rhythm.

A decorative wreath frame made of intricate, symmetrical scrollwork and floral patterns. The words "CHAPTER 5" are centered within the wreath in a bold, serif font.

CHAPTER 5

“Whit ye siyin ya dobber? A telt ye am ur nay sleepin wit ‘e laddie. Nae danger.”

Pakiramdam ni Dylan ay sumakit muli ang ulo niya sa mga naririnig. Parang nakukuha naman niya kung ano ang sinasabi ni Ginny at ng mga nakakasalubong nitong kakilala simula nang bumaba sila ng apartment building nito, ngunit hindi niya sigurado kung tama ang pagkaintindi niya.

“Aye, wa’ae berri?”

Ano daw? Gumanti na lang din siya ng ngiti sa isang parehang natatawang nagpaalam sa kanila matapos makipagpalitan pa ng salita kay Ginny na hindi niya alam kung galit o naghahamon.

“Did you just sell my soul to any of those folks or something?” napapakamot sa ulong tanong ni Dylan habang binabagtas nila ang Princes Street, isa sa major thoroughfares ng Edinburgh na siyang naghihiwalay sa Old Town, kung saan naroon ang

apartment ni Eugene, at New Town districts.

“*Naw, dae talk mince...*” Napahinto ito, bago napailing. “Kinukulit lang ako ng mga iyon kung boyfriend ba kita and I just told them *no*. Iyon lang.” natawa ito. “The last I said was, if they want to bet on me not dating you or sleeping with you ever. *Naw* is no, and *Dae talk mince* is don’t talk nonsense or don’t be silly. Gets?”

“Hindi mo nga ako ibinenta pero nabasted na pala ako at ngayon ko lang nalaman?” kunwa ay nasaktang sabi ni Dylan habang sumasabay kay Ginny na ang bilis maglakad. He wanted to enjoy the sights.

Mahigit tatlung minuto na marahil silang naglalakad simula sa kalye nito hanggang sa Princes Street, na ayon dito ay isang milya ang haba. Mukha mang mga Medieval mansions ang nadadaan nilang buildings, mga commercial establishments naman pala iyon. There were the usual British department stores likes *Debenhams, Marks and Spencer, House of Fraser*; drugstore gaya ng *Boots* at mga boutiques tulad ng *Gap* at *Topshop*. Sa pagitan ng mga iyon ay mga cafes, delis, pubs at restaurants.

Isang side lang ng kalye ang may mga building, dahil halos ang buong kabilang side nito ay walang nakatayong kahit ano. It was all green. Naroon ang pahabang park na *Princes Street Gardens* at sa dulo ay ang manmade hill na kung tawagin ay *The Mound*. The park offers a beautiful, almost unobstructed view of the most visited tourist spot in the city, the

Edinburgh Castle.

Kanina pa siya namamangha sa nakikita ngunit tila may sariling mapa si Ginny. Bitbit nito ang isang paperbag na naglalaman ng isang tin can ng bigay niyang Danish cookies at ilang sandwiches.

“Bilisan mo! Baka wala tayong makuhang bench,” sabi nito at halos patakbong tinawid ang kalsada patungo sa park.

Nangingiting sumunod na lang si Dylan sa babae hanggang sa huminto sila sa ilalim ng isang mayabong na puno. Medyo pataas iyon at walang gaanong tao bagaman okupado na ang ilang benches malapit doon. Inilabas ni Ginny ang isang manipis na sarong mula sa body bag nito at inilatag iyon sa damuhan.

“K’ain na tayo.” Nakangiting tinapik nito ang espasyo sa tabi nang maupo.

“So this is the much raved about tour deluxe that your past guests keep talking about on *Airbnb*?” amused na tanong ni Dylan habang ina-unwrap ang isang malaking tuna salad sandwich.

She huffed. “Puwede bang kalimutan mo muna ‘yung mga comments doon. Napi-pressure ako.” Kumagat ito sa sariling sandwich nang sunud-sunod at agad sinundan ng inom ng tubig.

“Kaya pala nagmamadali, gutom na,” he teased.

“*Shut yer greggy*,” she muttered in between more bites.

Natawa si Dylan. “I like it when you talk dirty.” Masamang tingin lang ang isinagot ni Ginny,

bago itinuloy ang pagkain. Nang maubos nito ang sandwich ay ang Danish cookies naman ang hinarap nito. “Hmm, this is good.”

Naaaliw siya kung paanong kung gaano ito cranky kaninang gutom ay madali din naman palang mawala ang sumpung kapag nakakain na. Kumuha siya ng isang sugar cookie. “Good, indeed.”

She smirked. “You’re quite the weirdo, aren’t you?” She inched closer, then pointed at something in the scenic, vast horizon before them. “Those are dormant volcanoes, also known as the seven hills. Iyong kinatatayuan ng Edinburgh Castle, volcanic rock iyon. Iyong mataas na iyon na nakikita rin mula sa balcony ng kuwarto mo, that’s the Arthur’s Seat. Hindi puwedeng hindi mo akyatin ang mga iyon habang nandito ka sa Edinburgh.”

“So I heard. And what about that hill with Robert Burns’ monument, ‘yung palaging nasa mga postcards at travel brochures ng Edinburgh?” tanong ng binata habang pigil ang sariling hilahin pa palapit ang katabi. He could feel her warmth even through their light jackets. Kailangan din niyang kumurap nang ilang beses huwag lang siyang masyadong matulala dito.

“Ah, that’s Calton Hill. Doon pa iyon.” Itinuro nito ang bandang kanan ng Edinburgh Castle. “Isa pa iyon sa dapat mong akyatin.” Pinasadahan nito ng tingin ang katawan niya. “You look fit and healthy naman. Kaya mo ‘yon. Mas okay umakyat before ten in the morning o bandang hapon. Wear comfortable

shoes and bring water.” Muli itong sumubo ng cookie pagkatapos ay binigyan siya ng isa pa bago isinara ang lalagyan. “Let’s go, ikot muna tayo. There’s a lot to see here.”

Ginny seemed to be doing a good job of trying to ignore what was obviously going on between them. Nalilito tuloy siya. Minsan ay tila nakikipaglaban ito ng tinginan, minsan ay parang umiiwas.

“Give me your phone.” Inilahad ni Ginny ang kamay matapos maibalik sa bag ang sarong.

Ginny took his arm and led him all over the park. Ang sumunod na kalahating oras ay napuno ng samu’t saring trivia mula dito habang pahinto-hinto sila sa bawat estatwa o monument, at iba pang atraksyong makikita sa garden. Habang nagsasalita ay ekspertong nakukunan din siya nito ng picture.

“Bakit ba ayaw mong tumingin sa camera?” Napu-frustrate na pumadyak pa ang dalaga matapos siyang kunan ng litrato sa tabi ng Ross fountain and bandstand, na ang background ay ang paakyat sa Edinburgh Castle.

“I told you hindi nga ako komportable sa camera,” nangingiting sagot niya saka ito nilapitan. Hindi naman nagprotesta si Ginny nang akbayan niya sabay kuha sa cellphone niya.

“Bakit nga ba hindi mo type ang camera? Been through anything traumatizing? Nagka-scandal ka ba na kumalat sa internet? Sex video?” nanlalaki ang mga matang tanong ng kasama.

Natawa siya. “Paano kung ganoon nga? Paano

kung may sex video nga and worse, kung napanood mo pa?”

Napangiwi ito. “Hindi ako interesado sa mga ganoon. I never liked witnessing how people get betrayed, or humiliated nang wala silang laban.” Nag-iwas ito ng tingin.

Naalala niya ang sinabi ni Ashley tungkol sa ex-bandmate o boyfriend na hindi maganda ang ginawa kay Ginny. “Is it that ex Ashley mentioned last night?”

Napatingin ito sa kanya. Tila sumama agad ang mood nito. “Not a word, mate.” At nailing na inalis ni Ginny ang kamay niya sa balikat nito. “Let’s go.” nauna na itong maglakad.

Hinagip ni Dylan ang braso ng babae. “Come on, wala pa tayong picture together.” Ini-ready niya ang camera at inakbayan itong muli. He then pressed ‘capture’ as he planted a quick kiss on her temple. Pagtingin sa picture ay napangisi siya. “Tingnan mo o. Bagay tayo.” Ipinakita niya kay Ginny ang screen ng cellphone.

Sa picture ay bahagyang naka-pout si Eugene habang nakahalik siya dito. His left hand was on her waist, and she was holding onto his right arm. They look like they were about to embrace each other, with the beautiful castle on the background.

He waited for Ginny to say something, ngunit tahimik na ibinalik lang nito sa kanya ang cellphone at tinalikuran na siya.

“Come on! We have two-hundred eighty-seven

steps to climb,” malakas na aya nito habang patungo sa direksyon ng Scott Monument.

Napapabuntong-hiningang sumunod na lang si Dylan. Nang marating nila ang ibaba ng tore na mukhang gothic rocket ship ay iniwan siya saglit ni Ginny at sinabihang uminom muna ng tubig. Pagbalik ay marahang hinila siya nito papasok sa entrance ng tower.

“Hindi ka naman mahihiluhin? Agoraphobic?” She handed tickets to the guard.

“Wait, how much was that?” He reached for his wallet, but she tapped his hand.

“My treat for every guest.” Hinuli nito ang kaliwang braso niya at dinama ang pulso. “Wala kang sakit sa puso?”

“Wala. Hindi rin ako mahihiluhin o takot sa matataas.” He raised his brow. “Ready?”

She smiled. The first real, and sober smile he ever saw of her since they met. Ginny was no conventional beauty. She was a bit rough, and loud, and she was confusing him more than any Math problem could. But one smile, with those full lips curving mysteriously and those sexy eyes glinting playfully, were enough to keep him wanting more.

“Alright then.” Hinawakan nito ang kamay niya, ikiniling ang ulo bago nila harapin ang hindi niya alam kung gaano kahaba o kataas na spiral staircases. “Tayo nang magpaikot-ikot. Bawal magreklamo ha.”

It was an interesting place. Sa ikalawang landing ay naroon ang isang maliit na museum

ng lahat ng may kinalaman sa taong dahilan kung bakit itinayo ang monument na iyon, ang historical fiction writer na si Walter Scott. Dylan had fun looking at sculptures and stained glass art depicting characters from the novels he read when he was in high school, like *Ivanhoe* and *Rob Roy*. Naaaliw din siya sa anecdotes ni Ginny tungkol sa ibang guests na nadala nito sa tore at sa halip tuloy na makinig sa guide na kasama ng grupo nila ay dito nakatutok ang atensyon nila.

Hindi ito nagbibiro nang sabihing pagpapaikot-ikot ang gagawin nila, dahil nang marating nila ang ikalawang gallery o viewing deck kasabay ang iba pang paakyat ay parang mauubusan na si Dylan ng hangin. Hinila niya si Ginny at iniwas sa iba pang paakyat upang magpahinga sandali.

Napakaganda na ng tanawin mula sa kinaroroonan nila. He could stop right here, dahil pasikip na nang pasikip ang daan at nagiging mas matarik na din ang mga hagdan paakyat sa ikaapat at huling viewing deck. But he could almost feel how excited Ginny was at the moment, na parang kahit maraming beses na siguro nitong narating ang tuktok ng tore ay parang panibagong experience dito sa tuwing may bago itong madadala doon.

And he wanted to see that smile again. Hindi niya alam kung bakit pakiramdam niya, kapag sumuko na siya ngayon ay madi-disappoint ito.

“Kaya pa?” untag ng dalaga.

He turned to her. Magulo na ang maikling buhok

at tumatabing na iyon sa mata nito dahil lumalakas na ang hangin. “Kaya pa.” Nakangiting inakbayan niya ito at iginiya sa hagdan.

The stairs further up were even more steep and narrow, at may pagkakataong patagilid na ang hakbang nila upang bigyang-daan ang mga pababa. Hindi na sila huminto sa ikatlong gallery, dumirecho na sila hanggang sa tuktok ng tore. May tatlo nang nauna sa kanila doon, mga abala sa pagkuha ng pictures. Ginny excitedly led him around the small gallery, giving him a panoramic view of the entire city of Edinburgh.

He was now almost on eye level with the nearby Balmoral Hotel, could feel like he could reach the Edinburgh Castle and the monuments at Calton Hill with the tip of his fingers, maybe even fancy moving the trains that leave Waverley, heading to the nearby city of Glasgow.

Mas malamig sa kinalalagyan nila ngayon, mas malakas ang hangin at tila nagbabadya pa ng ulan ang kalangitan. But the view was spectacular.

And Ginny’s smile more than made up for the fact that his knees slightly hurt and his thighs felt like they were burning.

“You made it!” Itinaas nito ang isang braso niya sabay harap sa babaeng guide na kasama ng grupo nila. “Lauren! My twentieth brave, strong one!”

Natawa ang guide, bago inilabas ang isang tila certificate at ibinigay iyon sa kanilang mga nakarating sa tuktok ng tore. “Your most gorgeous,

too,” komento nito, not sounding the least bit Scottish, bagaman may accent pa rin. “Your man?”

Umiling si Ginny. “You’re just the hundredth person who asked me that today. No.”

Makahulugan ang ngiti ng babae. “That’s because you look hot together. Now give me your phone,” utos nito sa kanya.

Lauren took their pictures, even directing them to stand closer, hug, or look at each other. Nakangiti yata si Dylan sa lahat ng kuha at parang biglang nawala ang pagka-camera shy niya.

Mas madali bagaman medyo nakakalula ang pagbaba. He and Ginny had to stay close upang bigyang-daan ang mga paakyat, at upang hindi rin sila mawalan ng balanse dahil matatarik ang hagdan. Tahimik lang sila hanggang sa makababa. Sa sandaling marating nila ang ground floor ay ilang sandaling muli nilang hinabol ni Ginny ang paghinga.

“Now you’re ready for all the other climbing you had to do while you’re here,” nakangiting sabi ng kaharap.

“Kasama pa rin kita?” nagbabakasakaling tanong ni Dylan.

Umarko ang kilay nito. “No. I rest then review my work during Sundays, then I have work for the entire week.”

“Where is work?”

“There.” Itinuro nito ang direksyon ng Scottish Parliament building. “Kung gusto mong makakita ng

debates o committee meetings ng mga taong literal na titulado, as in Lords, then let me know. Tuesdays to Fridays ang mga ganoong event.”

He was genuinely impressed. “What do you do at the Parliament?”

“The same as yours, I guess. Trouble shooting. Damage control.” Ginaya nito ang tono niya kagabi noong nag-uusap sila. “I’m just a lowly researcher and consultant in a committee, really.”

“Who’s also a top *Airbnb* host. Maybe also a very good musician,” dagdag ni Dylan.

“You don’t know that.”


“I heard you sing. You also own a twelve-string acoustic and a vintage *Telcaster*. Hindi lahat sanay tumugtog niyon,” giit niya.

“I hardly play them. Regalo lang iyon ng mama at stepfather ko.” Mabilis na muli ang lakad ni Ginny pabalik sa dinaanan nila kanina sa Princes Street. “*Oh sh*te.*” Tumakbo ito patungo sa gilid ng isang department store. Nagsisimula nang pumatak ang ulan. “Mag-bus o cab na lang tayo.”

Minasdan niya ang babae. Gusto pa niyang magtanong, ngunit tila naka-set na ang isip nitong huwag i-entertain ang pangungulit niya.

But they’re just in their first twenty-four hours together. He still have twenty-nine days to go.

Nagawa niyang akyatin ang two hundred and eighty-seven steps ng Scot Monument. Ngayon pa ba siya susuko?



CHAPTER 6

Pasado alas cinco ng hapon at katatapos lang ng isa namang toxic na maghapon para kay Ginny. Habang padaan sa garden lobby na nagkokonekta sa debating chamber at sa building na pinanggalingan ay walang tigil pa din sa pagtakbo ang kanyang utak.

She alternately outlined her work for the week and the stuff she needed to get from the supermarket in her head. Kailangang manatiling abala ang isip niya kundi ay mapupuno na naman iyon ng imaheng ayaw niyang i-entertain. Kahit ginugol niya ang buong weekend sa pagpapakaabala sa trabaho, pakikipagkita sa ilang kaibigan o pagtambay sa internet, sa huli ay bigo pa rin siyang gawin iyon.

And it was all because of that lovely man occupying the room across from hers. That unwavering smile. The way his eyes would light up as if he was always happy to see her. The soothing, sexy voice.

Napabuntong-hininga si Ginny, bago napahinto

sa bukana ng lobby. Gusto niyang magpapadyak sa inis dahil parang pinaglalaruan siya ng pagkakataon. Lunes at kahit hapon na ay may mga turista pa ring nagkalat doon, kausap ang ilang guides habang ang iba ay abala sa pagkuha ng litrato.

Kabilang sa mga tutok sa pagkuha ng magandang anggulo ay si Dylan. Bahagyang nakatingala ito habang hawak ang *iPhone*. His face was a mix of concentration and awe at the lobby's leaf-shaped skylights made of steel and glass.

Dapat ay itinuloy na niya ang paglalakad, at nagpanggap na hindi ito napansin. But she was stuck there, standing in her heeled boots, not knowing which way to go. Kung bakit kasi sa gitna pa ito ng lobby pumuwesto.

Inalis niya ang tingin sa lalaki at huminga nang malalim. Hindi niya alam kung bakit kinakabahan siya, o nae-excite? She hadn't seen Dylan since they went out on Saturday. Kanina ay tulog pa marahil ito nang umalis siya. She's not supposed to have anything to do with this man other than as a host, but she could not help it.

She fiddled with the contents of her large tote bag. Wala naman siyang hinahanap, gusto lang niyang may magawa. Wait, ano ba ito? Hinihintay ba niyang mapansin siya ni Dylan?

“Hey, mas mukha kang MSP kesa researcher o consultant.”

Nag-angat siya ng tingin. Palapit na sa kanya si Dylan habang hawak pa din ang cellphone. His eyes

looked at her admiringly. She felt as if a thousand butterflies were partying in her tummy. Hindi siya sanay na tinitingnan na parang napakaganda niya.

She had always been one of the boys. Kahit nang matuto na siyang magbestida at high heels ay tila hindi na humigit pa sa pagiging kabarkada ang tingin ng mga lalaki sa kanya. The only man who ever really noticed she was a woman turned out to be the biggest jerk she'd ever known. Oh well...

"I see you picked up a few terms from the tour." Bahagyang ngumiti si Ginny sabay kaway sa isa sa mga guide na sumasama sa libreng one-hour tour ng Parliament building. Ang tinutukoy na MSP ni Dylan ay ang Members of the Scottish Parliament, na nagre-represent sa sandaan at dalawampu't siyam na distrito at sektor sa Scotland.

Dylan chuckled. "Yeah. Ang cool nitong building nyo. Parang set sa pelikula. The details in the console seats and lighting fixtures at the debating chamber were awesome. Pero pinakagusto ko 'yung committee room. Parang lair ni *Doctor Evil*." He grinned.

Napakurap si Ginny. Iyon din ang impresyon niya sa committee room nang una niyang makita. "Yung maiisip mong baka secret passage pala sa private army ang gitna ng mesa?"

"Yes. It was too bad the architect who designed this place died before the construction was completed," sabi nito, hindi inalis ang tingin sa kanya.

"Mukhang dinibdib mo ang mga sinabi ng guide

ah. And it seems you're among those who actually liked our new building." Noong 2004 lang kasi natapos ang construction ng Scottish Parliament complex na sinimulan noong 1999, and it was met with mixed reviews. "People either love it or hate it."

He nodded. "A lot of it is odd, but fascinating. Hindi kasing-ganda ng mga centuries-old buildings dito sa Edinburgh but it has its charm." He tilted his head, as if trying to study her face at a different angle. "Out of the ordinary, far from anything you're used to or would expect, but still beautiful."

Parang lumukso ang puso ni Ginny sa sinabi ni Dylan. Bakit parang hindi na ang Parliament building ang pinatutungkulan nito? O nag-a-assume lang siya dahil sobrang lapit nito ngayon?

Why was he standing this close anyway?

Don't stand so close, don't stand so close, don't stand so close to me... Ipinilig niya ang ulo. She tried to look past him, outside where it was grey and windy. "Umuulan pa ba?"

Napakurap ito. "Yeah." Tumingin ito sa direksyon ng ibang tao sa lobby. "Puro kasakay ko sa hop on, hop off tour bus ang mga iyan and we have been going around the city since eleven in the morning. Dito na kami bumaba dahil nga umuulan na. Ang weird ng panahon dito. Malamig at pasilip-silip lang ang araw. Tapos biglang hahangin at uulan."

"Welcome to Scotland. Mas magulo pa sa Pilipinas ang weather conditions dito." Nagpauna siyang lumakad patungo sa daanang direcho sa

ilalim ng debating chamber, palabas ng complex. Mas kaya pa yata niyang humarap sa mga pasaway na lobbyists o mga MSPs kaysa tagalan ang tingin sa kanya ni Dylan.

“Hey, wait up! You walk faster than a New Yorker,” habol nito, halata sa boses ang amusement.

“Kailangan ko pang maabutan ang bus na pa-Southside. May pupuntahan pa ako doon.”

“Why not take me with you?”

Huminto siya at nilingon ang lalaki. “Why not just rest? Buong araw ka na palang naglilibot.”

“At buong araw ka ding narito sa office. At least, relaxing ang paglilibot ko. Your work must be highly cerebral and that’s more exhausting,” he argued.

“Sanay na ako.” Itinuloy niya ang paglalakad. “Dumirecho ka na sa bahay. May spare keys ka naman.”

“Where are you going anyway?”

Napabuntong-hininga si Ginny. “Buying stuff and meeting someone.”

“A date?” tila hindi makapaniwalang tanong nito.

Parang gusto niyang mainsulto. Muli niyang hinarap si Dylan, ngunit sa halip na disbelief ay disappointment ang nakita niya sa guwapong mukha nito. He looked as if he had been slapped. She somehow felt sorry for him.

“Y-yes. A date.” Hindi na nito kailangang malaman na ang ‘date’ niya ay sa isang dating propesor sa graduate school at ang asawa nito.

“And I can’t go with you?” mahinang tanong ng

binata.

“You definitely can’t. Sorry.”

Nalaglag ang mga balikat nito. “Then, sasabay na lang ako hanggang sa bus stop.”

Tumango lang si Ginny at itinuloy ang paglalakad. Gusto niyang bawiin ang sinabi, parang hindi rin niya kayang maisip man lang na nalulungkot si Dylan. Hindi niya iyon maintindihan. They only shared a few careless kisses which didn’t mean anything. Ayaw rin niya iyong bigyan ng kahulugan dahil kahit puwede naman niyang kilalanin si Dylan ay hindi niya maalís sa sarili ang takot.

She couldn’t take the risk. Dylan’s a tourist. His job, whatever it is, takes him all over. His base is in LA. Wala siyang katiyakan dito. Sa puntong ito sa buhay niya, hindi niya alam kung kaya o gusto pa niyang maglaro.

Mas mabuti pang mag-isa.

Anyway, may mas dapat siyang pagtuunan ng oras at panahon sa ngayon. She needed to get her life back. Her closure.

“Help yourself to the ref and the cupboards for dinner. Kung gusto mo namang sa labas kumain, maraming malapit lang sa street natin na okay. Try *Doric*, *Hanam’s* or *La Garrique*.”

“I was just about to ask you to dinner earlier,” malungkot pa ding sabi ni Dylan.

Sinulyapan niya ito. “I’m sorry.”

“How about tomorrow?” pagbabakasali nito.

Umiling siya. “Despedida night for the Korean

kids.” Huminto sila sa dulo ng maikling pila ng naghihintay ng bus. She could feel Dylan still looking at her. Naiinis siyang kahit ayaw niya ay tila importante sa kanya ang nararamdaman nito. Muli niya itong tiningnan.

“Have you tried—”

“I’m sorry I—”

Napailing si Ginny. Sabay pa halos silang nagsalita. “You first.” Tinapik niya ito sa braso.

Bahagya itong ngumiti. “I’m sorry if you feel like I am imposing. You can say no. you have every right to.”

She sighed. “Hindi naman ganoon ang pakiramdam ko.” She held his gaze. “I was just about to ask if you ever had afternoon tea or high tea whenever you’re anywhere here in the UK?”

Napakurap ito. “I think I haven’t. No chance. Laging busy eh.”

Huminga siya nang malalim, inunahan na ang kabang nagsisimula na namang magparamdam. “Then I will take you to one. This Friday? Okay na ba iyon?”

Halata ang pagkagulat ni Dylan, at nawala na rin ang lungkot sa mga mata nito. That light, that playful glint was back in those hazel eyes. “I can’t wait.”



“This is weird stuff. Lasang gamot. Paano ito naging number one softdrink dito?”

Natawa si Ginny sa hindi maipintang itsura ni Dylan habang hawak ang isang solo glass bottle ng

Irn Bru, ang pambansang non-alcoholic drink ng Scotland. Martes ng gabi at party mode na naman sa bahay flat para sa limang Korean students na paalis na kinabukasan.

Na-curious si Dylan sa santambak na kahong dadalhin ng mga ito pabalik sa Korea na puno ng Scottish products gaya ng shortbread na nasa tin can, chocolate wafers at chocolate coated digestive biscuits, Scotch tablet at toffee, at ilang bote ng Irn Bru. Kasama din ang naturang softdrink sa menu niya nang gabing iyon na first time nasubukan ni Dylan.

He obviously didn't like the taste, but he looked adorable as he still tried to finish his bottle.

"Kung hindi mo type ang lasa, huwag mo nang ubusin." Nakangiting inialok niya dito ang isang plato ng desserts.

"Parang lasang bubble gum na parang orange," reklamo pa ng lalaki.

"Hoy, in fairness, rich in iron 'yan. Good for your blood. At proven hang over cure din. Kaya nga ang daming dala ng mga 'yan." Tumango siya sa direksyon ng mga Koreans na nagkakatuwaan sa living room habang hawak ng isa ang gitara niya.

"And you like it?" hindi makapaniwalang tanong ni Dylan.

"Oo naman. Noong nagte-thesis ako during grad school, pampagising ko 'yan. Nakakadalawang litro yata ako per day. Not healthy, but it got me through." she grinned, before popping a tablet onto her mouth.

“Parang yema lang ‘yang tablet. Mas crumbly lang at medyo square.”

Natawa muli siya. “Alam mo, ikaw ang pinakamalupit ang commentary sa mga nakakain at naiinom mo dito.”

He smiled, his face relaxing. “Well, this is my first real vacation in years. I really get to pay attention. Not really complaining, I am happy to try.” Sumubo din ito ng tablet. “Lalo na pag gawa mo.”

She made a face at him. “Dapat may house rule akong bawal hiritan ang host.”

“But I knew you from before.”

“While I was drunk.” She took a sip from her own Irn Bru.

“I remember everything, though.” His eyes were intent.

“Hay, naku. Get over it, mate.” Inilapag ni Ginny ang plato ng desserts sa counter, pati na ang hawak na bote. Things have been going well so far. Nakakapag-usap na sila nang hindi siya gaanong nako-conscious kahit hindi pa rin maalis ni Dylan ang tingin sa kanya. Why did he have to remind her of that night again?

“And that time on the plane?” He raised a brow.

“You gave me no choice.”

“You could have protested. Or slapped or hit me then.” giit nito.

Hindi na siya kumibo. Gusto na niyang umalis sa tabi nito. Paano niya ipapaliwanag ang takot niya?

But he was right. She allowed him to kiss her.

And she kissed him back.

Why did he have to be such a fantastic kisser she felt compelled to respond?

Or was it because she really just liked what went on then?

“And then there’s Saturday...” dagdag pa ni Dylan, may himig panunukso sa boses.

Hinarap na niya ito. “And your point is?”

He smiled. “My point is, we’ll be in the same house, moving closely for the next few weeks and we can’t just pretend nothing else is going on.” Hinawakan ng binata ang braso niya. “Come on, Ginny. I really want to know more of you.”

“And then what?”

“We’ll see what. Wala namang sigurado, di ba?”

“And that, is my point. Walang sigurado. Why would I go for something like that?” hamon niya.

“Because you wouldn’t want to have regrets?”

“Iniiwasan ko na ngang magkaroon ng pagsisisihan by not trying.” She sighed.

“That’s even worse.”

“I don’t care.” She looked at him defiantly, kahit na gusto na niyang sumang-ayon. Kaunti na lang. The uncertainty, the risk that being with Dylan might bring was becoming more alluring by the second.

“I just want to be with you more, Ginny,” mahinang sabi nito.

“Busy ako. Wala akong oras. Nakita mo naman siguro ang schedule ko.”

His hand slid to twine his fingers with hers. “I have time. A lot of time, actually.”

Napailing ang dalaga. “Whatever.” Napatingin siya sa sala kung saan nagkakantahan ang mga Korean boarders niya. The girl holding the guitar was playing something very familiar.

Hands off, one touch can turn it all around... Make no mistake, make no more sound but your quiet steps away from me...

Maganda ang boses ng kumakanta, kuhang-kuha ang emosyong nakapaloob sa kantang sinulat niya noong mga panahong umiwas pa siyang tuluyang mahulog ang loob sa lead singer nila.

The song was Blaine De Lara’s first major hit, the song that was in the soundtrack of a hit US detective drama.

The song was called *Dangerous*, and she wrote it when she was eighteen.

Muli niyang kinuha ang bote ng Irn Bru at inisang lagok iyon, mapigilan lang ang sariling sumugod sa mga nasa sala at sabihing palitan ng mga ito ang kinakanta.

She was breathing heavily as she almost slammed the bottle on the counter.

“Ginny? Are you okay?” nangungunot ang noong tanong ni Dylan. He looked worried.

“Okay lang.” Muli siyang tumingin sa mga nasa sala.

Sinundan ni Dylan ang tinitingnan niya. “That song’s a classic. Magaling si Blaine at nagmarka na

sa mga tao ang version niya. Pero pag may naririnig akong babae na ganyan kaganda ang cover, parang iyon lagi ang mas okay.”

She bit her tongue. Gusto na niyang pumasok sa kanyang kuwarto. But Dylan was still holding her hand.

He turned to her. “You don’t like the song?”

“I don’t like the singer,” malamig na sagot niya.

He chuckled. “You’re a rarity then.” Umarko ang isang kilay nito. “And I am so relieved.”

“He’s a bastard.”

“Mukhang matindi ang pinaghuhugutan ng pag-ayaw mo kay Blaine ah. Taga-UP ka ba? He spent a few years of college there.”

Napailing lang siya.

“Alam mo ba iyong viral video ngayon? At ‘yung email? Blaine allegedly didn’t write any of those hit songs. Puro anonymous naman. I assume kasama ka sa naniniwalang ninakaw lang niya ang mga kanta?”

Muli ay hindi siya kumibo. Sa tagal ng panahong nanahimik lang siya tungkol sa ginawa ni Blaine ay palaging mahirap sa kanyang ipaliwanag iyon sa iba. Parang walang maniniwala. Parang siya lagi ang talo kahit isang suitcase pa ng ebidensya ang iharap niya.

“Ginny?” untag ni Dylan.

She sighed. “Sorry.” Hinila niya ang kamay mula dito. “I need to go to my room. Sandali lang.” At iniwan na niya ito. She needed a few moments to be alone. Ilang araw na siyang bugbog sa panghuhusga mula sa mga fans ni Blaine. Kung nakakamatay lang

siguro ang collective rage, baka agaw-buhay na siya.

But she couldn't stop now. Kailangan niyang gawin ito.

Isa iyon sa dahilan kung bakit may pag-aalinlangan siya kay Dylan. What if he was just like all the others who had been saying she was one delusional liar?

Hindi niya alam kung kaya niya iyon.